# KAPASIYAHAN BLG. 2021-17

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 002, H-2020 NA NAUUKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN AT KAUTUSAN BLG. 003, H-2020 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG POBLACION, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN PITUMPU'T DALAWANG LIBO, WALUMPU'T SIYAM NA PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMO (PHP772,089.60)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Poblacion para sa kanilang *annual budget* na laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP772,089.60;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng poblacion at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kautusan ng Sangguniang Kabataan ng Poblacion ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 002, H-2020 na nauukol sa Annual Investment Plan at Kautusan Blg. 003 H-2020 ng Sangguniang Kabataan Poblacion, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Pitong Daan Pitumpu't Dalawang Libo, Walumpu't Siyam na Piso at Animnapung Sentimo (PhP772,089.60).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim